## MGA TALA HINGGIL SA MGA KONTRIBYUTOR

**Clemen C. Aquino.** Kasalukuyang Propesor ng Sosyolohiya sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas. Siya ay nagtapos ng DPhil in Sociological Studies sa University of Sussex, United Kingdom noong 1990 at naglingkod bilang Tagapangulo ng Departamento ng Sosyolohiya noong 1993-96 at 2006-09. Naging kasapi siya ng Technical Committee for Sociology/ Anthropology ng Commission on Higher Education (CHED) at noong 2011 ay nanungkulan bilang Chair ng Technical Committee for Sociology. Sa kasalukuyan, siya ay kasapi ng Lupon ng mga Kadiwa ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP). Tagapagtaguyod ng paggamit ng sariling wika sa pagtuturo, sa pananaliksik at sa mga gawaing administratibo, nakatuon ang kanyang mga pinakahuling publikasyon sa paglilinang ng mga piling dalumat, mga kuwentong-buhay, at mga kuwentong-bayan sa lipunang Pilipino.

**Grace H. Aguiling-Dalisay.** Propesor at Tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya sa Kolehiyo ng Aghan Panlipunan at Pilosopiya sa UP Diliman. Naglingkod siya bilang Direcotr ng Ugnayan ng Pahinunod sa UP Diliman mula 1997-1999 at Direktor ng Ugnayan ng Pahinungod System nula 1998-2001. Kasaping Panghabambuhay siya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino kung saan anim na taon siyang naglingkod bilang Pangulo.

**Leonardo D. de Castro.** Senior Research Fellow, Centre for Biomedical Ethics (CBmE), Yong Loo Lin School of Medicine, National University of Singapore. Siya ay Editor-in-Chief ng Asian Bioethics Review. Tatlumpo't pitong taon na guro sa Unibersidad ng Pilipinas, siya ay naging Propesor ng Pilosopiya at Tagapangulo ng Departamento. Kasalukuyang miyembro ng UNESCO Advisory Expert Committee for the Teaching of Ethics, siya ay nahirang bilang pangalawang Pangulo ng UNESCO International Bioethics Committee at kinatawan ng Pilipinas sa UNESCO Inter-Governmental Bioethics Committee. Siya ay nagwagi ng National Book Award para sa isang aklat sa bioetika na isinulat sa wikang Filipino.

**Ma. Lina Nepomuceno-Van Heugten**. Nagpakadalubhasa sa Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas. Siya ay nagturo ng Sikolohiyang Pilipino sa Departamento ng Sikolohiya, KAPP at isa sa mga nagtaguyod ng paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng Sikolohiya. Kabilang din siya sa Anti-Sexual Harassment Office ng Pamantasan. Siya ay pumanaw noong Disyembre 10, 2009.

**Susana Corazon Ortega.** Nagtuturo ng Sikolohiya ng Wika, Sikolohiyang Panlipunan at Sikolohiya ng Panukat sa Departamento ng Sikolohiya. Ang kanyang mga pananaliksik at interes ay umiinog sa paglilinaw ng konsepto ng kapwa, paggamit ng larangang leksikal bilang metodo ng pananaliksik, pagkilatis sa mga dayuhang nag-aampon at mga inaampon na mga batang Pilipino at ang pagbuo ng glossary ng sikolohiya.

**Manuel Victor J. Sapitula.** Katuwang na Propesor sa Departamento ng Sosyolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas (Diliman). Natanggap niya ang kanyang doktorado (Ph.D.) sa Sosyolohiya mula sa National University of Singapore (NUS). Nakapaglathala siya ng mga naunang pag-aaral sa larangan ng sosyolohiya ng relihiyon at paniniwala sa Pilipinas.

**Vicente C. Villan.** Nagtapos ng mga kursong Batsilyer sa Kasaysayan (1994), Master ng Sining sa Kasaysayan (1998), at Doktorado sa Pilosopiya (Kasaysayan) (2009) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagsimula ng magturo sa UP Los Baños noong 1994 hanggang 1997, at ipinagpatuloy ang akademikong interes dito sa UP Diliman magpahanggangsangayon. Kasalukuyang Kawaksing Propesor sa UP Departamento ng Kasaysayan. Naglingkod din bilang Tagapag-ugnay ng Gradwadong Pag-aaral sa UP Diliman Philippine Studies Program. Tuon ng kaniyang pag-aaral ang kasaysayang lokal, kasaysayan at kalinangang Bisaya, historiograpiyang Pilipinas, at Timog Silangang Asya. Nakapaglathala ng mga isinagawang pag-aaral at nagkaloob ng serbisyo bilang *consultant* sa mga palabas na pangtelebisyon (*Amaya*, *Indio* at *INC Chronicles*) at mga pangkasaysayan at pang-intitusyonal na pamana sa Pilipinas (Linangan Educational Tours, Sacred Heart of Jesus Landholdings Inc., at Iglesia Ni Cristo).

**Jay A. Yacat.** Kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Sikolohiya. Abala siya sa pagtatapos ng kaniyang duktorado sa sikolohiya sa larangan ng Sikolohiyang Panlipunan. May halos 18 taon na rin ang kaniyang karanasan sa pagtuturo ng kurso sa Sikolohiyang Pilipino (SP). Isa siya sa mga contributors sa *Encyclopedia of Cross-Cultural Psychology* kung saan sinulat niya ang mga kaganapan sa SP. Siya rin ang kasalukuyang Pangulo ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP).